REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 93-56**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG MALUGOD NA PAGSUPORTA NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA MGA KAANIB NA BAYAN AT LUNGSOD SA KALAKHANG MAYNILA SA KANILANG ADHIKAIN NA BUHAYING MULI AT GAWING MALINIS AT DALISAY ANG ILOG-PASIG ALINSUNOD SA PROGRAMANG "SAGIP-ILOG" NG PAMAHALAAN.**

****************************************************************

Ipinanukala ni : KGG. ERNESTO A. CARUBIO

****************************************************************

**SAPAGKAT**, ang tao ay tagapamahala lamang o steward ng lahat ng lalang ng MAY-AKDA kaya't marapat lamang na linangin, pagyamanin at pangalagaan ang kalikasan upang mapakinabangan ng mga susunod na henerasyon;

**SAPAGKAT**, kapuna-puna na ang pagkasira ng ating likas yaman lalong-lalo na ang mga ilog na matatagpuan sa Kalakhang Maynila tulad ng dating matulaing Ilog-Pasig na paksa ng prosa ng mga makata ng bansa;

**SAPAGKAT**, kaagad namang humakbang ang pamahalaaang nasyonal sa pakikipagtulungan ng lokal na yunit nito sa manipestasyon ng Inang-kalikasan sa pamamagitan ng pagpapatibay ng Metro Manila Mayors' Council ng isang kapasiyahan na sasagip sa Ilog-Pasig;

**SAPAGKAT**, ang proyektong Sagip-Ilog ay isang malawakang adhikain na mangangailangan ng patuloy na suporta at pag-agapay upang ang pagbuhay at paglilinis ng Ilog-Pasig ay maging kabuluhan;

**NGAYON DAHIL DITO**, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan na nagsasaad ng malugod na pagsuporta ng Pamahalaang bayan ng Muntinlupa sa mga kaanib na bayan at lungsod sa Kalakhang Maynila sa kanilang adhikain na buhaying muli at gawing mailinis at dalisay ang Ilog-Pasig alinsunod sa programang Sagip-Ilog ng pamahalaan.

**PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA**, ng mga kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-33rd regular na pulong na ginanap noong ika-29 ng Marso, 1993.

**PINATOTOHANAN**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Pahina 2
Kapasiyahan Bilang 93-56

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY B. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punongbarangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATUTUNAYAN:**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**